

PROLOGUE

Parang aararuhin ni Jamie ang lahat ng makakasalubong na mga sasakyan sa tulin ng pagpapatakbo nito ng kotse. Ang kalsadang binabagtas nila ngayon ay kilala sa pagiging killer road sa dami ng aksidenteng nangyayari rito. Normally, Angela would have scolded her friend to slow down, pero hindi sa pagkakataong ito.

Alam niyang para sa kanya ang mabilis na andar ng sasakyan. Para sa kanya at kay Justin.

“Nasa *Atega Incorporation* ang taong kailangan natin?” Alam nito na ang taong sadya nila ngayon ay ang ama ng kanyang anak. Makikilala nito ang lalaki sa unang pagkakataon. Apat na taon na silang magkaibigan, pero mula noong sabihin ni Angela na wala nang kinalaman sa buhay nila ang ama ni Justin, iginalang iyon ni Jamie at hindi nakialam.

“I hope so.” Halos pabulong na lamang ang boses niya nang sumagot. Dahil sa hindi matapus-tapos na pag-iyak mula nang nagdaang araw, wala na siyang lakas ultimo sa pananalita. Anumang lakas na mayroon pa siya ay inirereserba niya sa mangyayaring komprontasyon mamaya. *Please, please, Lord... please*

let him be there. Please, taimtim niyang dasal.

Ang sabi ng doctor, delikadong masalanan uli ng dugo si Justin at mangyari uli ang nangyaring pag-reject nito sa dugong naisalin dito. Ang pinakaposibleng paraan ay ang masalanan ito ng pinakamalapit na kapamilya na katipo nito sa dugo.

Type O si Angela. Hindi niya katipo ng dugo ang anak. Meaning... kailangan niyang puntahan ang taong noon ay ipinangako niya sa sariling hinding-hindi malalaman ang tungkol kay Justin.

“He works for the *Atega Incorporation*?” Jamie was impressed. Ang *Atega Incorporation* ay isa sa mga higenteng kompanya sa bansa. They owned the *Atega Shipping Line* at ilan pang malalaking negosyo.

“Parang gan'on na nga,” aniya.

Itinikom nito ang bibig dahil naramdaman nitong gusto niyang makapag-isip. Pero siya mismo ang bumasag sa katahimikan pagkatapos ng ilang saglit.

“Jamie, may dahilan kung bakit ikaw ang kasama kong papunta doon ngayon.”

“Of course, you need my driving expertise. Ako nga lang naman ang maaasahan pagdating sa emergency na ganito.” Kinindatan siya nito.

“Not your driving expertise.” Sandaling bumagal ang takbo ng kotse dahil na rin sa traffic. “It’s your influence I need.”

Napataas ang kilay nito. “My influence as a senator’s girlfriend? I thought that never impressed you.”

“It does. It does impress me especially knowing how good you are at being one. Hindi ko lang pinapahalata.” Nagpilit siya ng ngiti.

“Okay, gusto mong i-intimidate ko ang taong kailangan natin para sumama siya sa ospital?”

“Nope, hindi ko na kailangan ang tulong mo once na nakaharap ko siya. The problem is, I might not be allowed to see him if I were alone. That’s where I’ll be needing you. To intimidate other people who might not let me see him.”

Napatawa si Jamie. “Wow! Mahirap siyang makaharap nang walang appointment? Big time ba ang taong pupuntahan natin? Who is it? Jason Atega himself?” biro nito.

“Yes.”

Napanganga ito sa narinig, halatang nabigla ito.

1

Five years ago...

Sa huling pagkakataon, sinulyapan ni Angela ang sarili sa harap ng salamin.

Napabuntong-hininga siya. She felt like a hypocrite wearing this dress Ramon bought for her. Pero ipinagpilitan kasi ng nobyo na suotin niya ito. They've only been going steady for a month at ito ang unang pagkakataong dadalo sila sa isang okasyon, ang kasal ng ate nito bukas.

Gaganapin ito mismo sa private island dito sa Palawan kung saan malaking parte ang pag-aari ng lolo ni Ramon. He managed to convince her to take a week off para pagkatapos ng kasal ay makapag-relax pa sila sa isla. She knew he had other motives—to finally get her to bed. And she's been thinking, maybe it's time. At twenty-four, she was ready to face the consequences—because in her mind, she believed Ramon was the right person for her.

Alam niyang nacha-challenge ito sa kanya. Dahil siguro sa lahat ng mga babaeng nakarelasyon na nito, siya ang pinakamailap. One month is long for

the rich and good-looking Ramon. Minsan naiisip din niyang baka magsawa ito sa kanya. But he had proven how he could be patient. Nararamdaman niya ang pagrespeto nito sa kanya.

Masaya at kontento siya. Ni minsan ay hindi siya nangarap ng fairy tale. Pero dumating ito sa kanya.

Pero sa mga sandaling ito, aligaga siya habang iniisip ang pagpapakilala sa kanya ni Ramon sa pamilya nito.

Hindi niya alam kung ano ang magiging reaksiyon ng mga ito kapag ipinakilala siya ng nobyo. He belonged to a wealthy and influential family. Inaasahan na niyang ganoong klase rin ng mga tao ang makakahalubilo niya.

How would they react to her? Siya na isang ordinaryong babae. Walang maipagmamalaki sa kanyang pangalan.

Lumaki ang dalaga sa isang sulok ng Maynila sa piling ng matandang tiyahing nag-alaga sa kanya nang maulila siya sa edad na labing-isa. Nagtapos siya ng kursong Commerce at ngayon ay nagtatrabaho sa isang bangko sa Cubao.

Nakilala niya si Ramon nang masiraan ang kotse nito sa tapat mismo ng bangkong pinagtatrabahuhan

niya.

He was really pissed off.

Until he saw her coming out of the bank for her lunch break. Literal na nakanganga ito habang nakatingin sa kanya.

Tumigil siya sa harapan nito at pinitik ang mga daliri sa hangin. Instinct ang nagtulak sa lalaking umatras.

Alam niyang maganda siya. Iyon ay isang bagay na ipinagpapasalamat niya madalas sa Diyos. Lumaki siyang salat sa karangyaan, mabuti na lamang at binigyan siya ng kagandahan at utak.

At dahil may utak siya, she didn't give in so easily to flattery.

“Good, akala ko hindi ka na humihinga.”

“Akala ko rin,” anang lalaki. He gave her his most attractive smile. “I thought I'd died and gone to heaven and was met by an angel.”

Napaismid siya at nagsimulang tumalikod. “Close enough, since my name's Angela.”

Pero hindi ito pumayag na basta ganoon na lamang, parang tuta itong sumunod sa kanya.

Pagdating nila sa pinakamalapit na fastfood restaurant kung saan siya kakain, nakumbinsi siya nitong bibilhan siya ng lunch.

Na-late siya sa pagpasok nang hapong iyon. But it sure was a great lunch.

At hanggang ngayon, ipinangangalandakan pa rin ni Ramon na iyon ang pinakamasuwerteng araw sa buhay nito.

Napangiti si Angela sa naalala at kahit paano ay nakapag-relax siya.

Nagpasya siyang hanapin ang nobyo at nang makapasyal na sila sa isla. Bukas pa ng umaga magdaratingan ang maraming bisita. Mabuti na iyong medyo maging komportable siya sa kapaligiran ngayon pa lang.

Sa isang silid sa main house ang inookupa ng dalaga samantalang si Ramon ay nasa isang cottage kasama ng ilang kaibigan. May pitong cottages sa paligid ng main house at hindi naman siya nahirapang hanapin ang tinutuluyan ni Ramon dahil may pangalan ang bawat cottage. Ang pangalan ng pitong anak ni Rafael Concepcion, pitong mga babae. Ramon was staying at his mom's namesake.

Ang Amalia.

Alas siete pa lang ng umaga, kaya hindi na siya nagtaka kung bakit wala siyang makita sa mga bisita na nang nagdaang gabi ay nagpa-party rito sa labas. Marahil may mga hangover.

Ang tanging gising na nakita niya ay ang ilang organizers na abala sa pag-aayos sa malawak na hardin kung saan gaganapin ang kasalan.

Kumatok siya sa pinto ng cottage ngunit walang sumagot. Bumukas naman nang pihitin niya ang seradura kaya pumasok na siya.

She should have knocked louder.

Hindi sana siya nagulat.

At hindi rin sana nagulat ang dalawang pigurang iyon sa sahig na kasalukuyang nagyayapusan, kapwa hubo't hubad.

Napapikit siya, sabay takip ng mga mata at sa isang panig ng isipan ay pinilit pa niyang kumbinsihin ang sariling hindi si Ramon ang kanyang nakita.

“Angela!” narinig niya ang malakas at gulat na boses.

It was Ramon.

Tinanggal niya ang kamay sa mga mata at dumilat.

She felt numb when she saw him in front of her, struggling to put on his underwear. Ang babaeng kasama nito ay taranta ring nagsusuot ng saplot.

Napangiti siya nang mapait at nagtangkang tumalikod. Hinablot ng binata ang kanyang kamay.

“I’m sorry! Let me explain.” Ang isang kamay nito ay hinablot ang tuwalyang balak ibalabal sa katawan.

“Sorry?” Napatawa siya nang pagak. Strange, but she wasn’t feeling anything at all. Maliban sa isang bagay, ang pamamanhid ng buo niyang katawan at panghihina ng mga tuhod. Iyon din marahil ang dahilan at hindi na siya nagtangkang kumawala sa paghablot nito sa siko niya. She had no strength. “Oh, please no. Don’t mind me.” Sa isang sulok ng kanyang mga mata, nakita niya ang pagmamadali ng babaeng makalabas. Nilampasan sila nito nang walang salita.

“She’s just a nobody. I swear. I don’t even know her name. She’s one of the girls in the stag party last night...”

Nagpanting ang mga tainga niya sa narinig. How could somebody make love with a woman and call her a ‘nobody’? Ganoon ba kagago ang taong kaharap

niya? Ganoon ba kabastos?

“Stop it, Ramon!” She raised her hand, not wanting to hear anything anymore. At para bang ngayon lang bumabalik ang pakiramdam niya, she was starting to feel angry. Really angry. Pero nagawa niyang humugot ng malalalim na hininga. Wala na silang pag-asa dahil sa nangyaring ito. But she was not going to end this with her looking pathetic.

“Don’t feel too bad. You just gave me an excuse to execute my plans. You see,” patuloy niyang ngumiti nang mapait ngunit pilit nagpapakatatag, “I looked around and saw plenty of potentials. Naisip ko rin namang hindi ko kaya sinasayang ang panahon ko sa ’yo? Marami dito ang higit na guwapo kesa sa iyo. Higit na mayaman. Higit na kapaki-pakinabang. Go get back your girl... I’m going to catch myself a bigger fish.” Nginitian niya ito nang sarkastiko bago tumalikod.

Nang akmang pipigilan siya muli nito ay iwinaksi niya ang kamay nito at nagpatuloy sa paglalakad.

Smiling on the outside, but feeling miserable inside.

Hindi niya alam kung paano niya narating ang

kanyang silid. Kung paano niya naibalik sa maliit na travelling bag ang mga gamit. Ang damit na galing kay Ramon ay hinubad niya at inilatag sa kama, kasama ang dalawa pa na galing din sa lalaki.

Ang sumunod na namalayan ni Angela ay ang paglalakad niya sa pampang habang hila ang degulong na travelling bag.

She looked around and tried to hate the place. But it was so beautiful hindi niya maiwasang mapahanga na lang.

It was the people there that she could hate. Damned these rich people! Dahil lamang kaya ng mga ito na bilihin anuman ang gusto ay puwede na nilang paglaruan ang mga katulad niyang aba!

Nagngalit ang mga ngipin niya. Wala siyang mapapala sa pagse-self-pity.

Nakita niya sa di-kalayuan ang nakahilerang mga motorboats. Nakahanda ang mga ito sa pagkuha ng mga bisita mula sa bayan.

Naalala niyang nabanggit ni Ramon na bukas ng umaga na ang susunod na biyahe. There was only one soul in sight. Kasalukuyan nitong ini-inspection ang isang motorboat.

Napabilis ang kanyang paglalakad. No doubt, bibiyahe iyon at kailangan niya itong abutan. Lumingon siya sa bahay na pinanggalingan at nakita niya si Ramon na papunta sa malaking bahay. Hindi siya nito nakita.

Huh? At ngayon lang siya susundan? Napakunot ang kanyang noo at mas bumilis pa ang pagkilos. Sa wakas ay narating niya ang bangka. Kaagad niyang inilagay roon ang bag at walang sabi-sabing sumakay.

Naghahanap siya ng panali sa buhok sa kanyang bag, kaya hindi siya nag-abalang tingnan ang inabutang lalaki roon. “Kuya, sabay na po ako sa inyo.”

“Saan ka pupunta?”

“Kahit saan basta malayo rito.”

“Sure?”

The taunting voice made her stop. And made her look at the man who talked.

Clearly, hindi ito katiwala roon na maghahatid-sundo ng bisita tulad ng inakala niya.

He was wearing an ordinary shirt and pair of shorts, subalit isang tingin lamang dito at alam na niyang hindi ito ordinaryong tao.

He was too handsome. He had fair skin. At ang aura nito... that's what gave him away despite the ordinary clothes. He looked too sure of himself. Too confident. Too good.

“Pambihira,” palatak ni Angela, sabay iling. “Kung hindi ba naman ako minamalas. You're one of them,” parang nang-aakusa ang boses na sabi niya.

Napangiti ang lalaki, halatang nalilito pero hindi ito nagsalita. Sa halip ay tumingin ito sa kanya na komo'y naghihintay na magpatuloy siya.

“Di bale na, kaya kong pagtiisan ang company mo, just get me out of here.”

“Hmm.... girlfriend ka ba ng isa sa mga pinsan ko? Sino? At ano ang ginawa sa 'yo? Inaway ka?” Napailing ito. “Pagmultahin mo ng regalo para magtanda.”

Aba't... hindi ba nito naiisip ang implikasyon ng lumabas sa bibig nito? Mistula na siyang inaakusahang materialistic, mukhang pera! Ayaw niyang isipin nitong girlfriend nga siya ng isa sa mga pinsan nito, mas magiging intrigero lang ito.

“Hindi ako girlfriend ninuman. I'm one of the organizers at hindi kami nagkaintindihan ng partner ko dahil ayaw niyang tumanggap ng opinyon ng iba

so I walked out. Now, andar na!”

“At kung ayoko?”

Napalingon muli siya sa malaking bahay. Nakadungaw si Ramon sa bintana ng silid na kanina lang ay inookupa niya.

Nakita na siya nito.

Ibinalik niya ang pansin sa kausap. “Babayaran kita.”

“Marami akong pera.” Ngiting-ngiti ang lalaki, halatang ine-enjoy ang ‘conversation’ nila.

Obviously, pero kailangan bang ipangalandakan sa kanya? And why was he grinning like a cat who just ate a pail of chocolate ice cream?

“Okay...” Nanlalaki na ang mga butas ng kanyang ilong. Gusto niyang hambalusin ito. “For once in your life, kalimutan mong may pera ka, na mayaman ka. Para lang maramdaman mo ang klase ng buhay naming mga aba. Let’s pretend,” aniya na naging malumanay ang boses na komo’y nakikipag-usap sa isang bata, “that you are a peasant. Let’s pretend that I am a princess and I am not asking a favor from you. I am commanding you.” Dumiin ang kanyang pananalita sa huling pangungusap to give emphasis.

“Princess?” Nagniningning ang mga mata nito sa tahimik na pagtawa. “Okay then, let’s go, Princess.”

Umikot ang eyeballs ni Angela. Ganoon lang pala kababaw ang taong ito!

Nagulat siya nang biglang kunin nito ang bag niya at ilagay sa katabing rubber boat.

“Iyan ang gagamitin natin?”

“Yup.”

“Makakarating ba iyan sa Puerto Princesa?” Hindi niya kabisado ang mga ganitong bagay, pero malayo ang lugar na nais niyang puntahan kaya medyo alanganin siya. At sa tingin niya, isang malakas na alon lang ay tataob na ang rubber boat.

“Sasama ka ba o hindi?”

Muli ay lumingon siya sa bahay; nandoon pa rin si Ramon sa tapat ng bintana. Napabuntong-hininga. At least, hindi ito tumakbo palabas tulad ng naisip niya. Lumipat siya sa rubber boat at nagsimulang magsagwan ang kasama.

Napakunot-noo siya nang mapansing patungo ang bangka sa isang yate na nang nagdaang araw pa nakaparada sa tubig. Ngunit hindi pa rin nagsalita ang lalaki hanggang sa tuluyan silang huminto sa

tabi niyon.

Kinuha nito ang bag at inilipat sa yate.

“Excuse me!” aniyang napatayo. “Bakit dito mo ako dinala?”

Sumampa ito sa yate at inilahad ang kamay sa kanya. “Well, Princess, let’s pretend this is a pirate’s ship.” Ginaya nito ang boses niya kanina, malumanay at komo’y nang-uuto. “Let’s pretend I am a pirate and I am abducting you.”

“Walanghiya ka! Inisahan mo ako!” asik niya.

Napatingala ito sa langit na komo’y nagdarasal at ibinalik ang atensyon sa kanya. “Bakit? S’an ba sana kita dadalhin? Dito ako papunta kanina, at ano’ng sinabi mo sa akin? Sasabay ka. Tinanong kita ng destinasyon mo at sinabi mong anywhere na malayo dito. What’s the problem?”

“Hello? Kung alam ko na dito ka pupunta, hindi ko sasabihin iyon. I honestly believed nababalik ka ng Puerto Princesa!”

“But I’m not. Dito talaga ako pupunta.”

“At iniisip mong tanga ako para umakyat diyan?”

Nagkibit-balikat ito. “Okay, ayaw mo ng pretend-

pretend? Let's get back to reality. Ibabalik kita sa pampang." He looked down at her, as if giving her the chance to decide.

Angela was pissed. Pero ayaw na niyang bumalik doon. Tumingin siya sa lalaki. Okay, hindi naman ito mukhang masamang tao. Sa tingin niya, he was just having fun of her situation. Sigurado siyang mapapakiusapan niya ito mamaya kapag nagsawa na.

"Okay... you're a pirate." Itinaas niya ang kamay para abutin nito.

2

“Are you rich?” tanong niya sa lalaki nang magsimulang umandar ang yate. Ito ang nasa controls.

“Not very. Why?”

“I have aversion to rich people.” That started this morning.

He chuckled. “Don’t worry, hindi ba’t as of this moment you are a princess? So let’s pretend you are richer than me.”

She decided she didn’t mind being with a rich man even for a short while. He would never get the chance to affect her in any way.

“So anong oras mo ako balak ihatid?”

“Saan?”

“Sa Puerto Princesa po.”

“Wala akong balak pumunta doon. Not today, anyway.”

Sinapo niya ang ulo, pagkuwan ay tumingin dito nang kunot-noo. “Would you mind explaining again kung bakit mo ako dinala rito?”

“I figured, gusto mong mag-unwind.”

“Ano ka? Manghuhula? Hindi ko gustong mag-unwind. Gusto ko lang umuwi.”

“Okay.” Nagkibit-balikat ito. “Ayaw mong mag-unwind pero kailangan mo nito. Trust me.”

Nagsisimula nang mawala sa paningin nila ang isla. Ilang metro pa at dagat na lang ang makikita niya.

“Hindi ka naman siguro masamang tao, ano? I mean, hindi pa siguro ito ang huling araw ko sa mundo.”

He chuckled. “Ngayon ka pa kinabahan?”

“For my peace of mind, kailangan kong marinig na magmula sa iyo ito. Sabihin mong hindi ka masamang tao.”

Komo’y nag-isip pa ito. “Hmm... I’m not sure. Just an hour ago, the bride who happens to be my cousin called me all the names referring to the devil himself.”

“Really?” Hindi maiwasang ma-curious siya. “Ano’ng ginawa mo?”

“Sinabi kong huwag niyang ituloy ang kasal

because she'd be marrying a jerk and she'd suffer the rest of her life.”

Napanganga si Angela. She had met Hubert, the groom, at masasabi naman niyang likeable iyong tao.

“Uhm... may basehan ka ba para sabihin iyon?” Tumayo siya at nilapitan ito. Nakakunot-noo ito ngunit concentrated sa paglalayag. For the first time, natitigan niya ito nang maayos. Ang unang naisip niya kanina na guwapo ito ay kulang na kulang pala.

Her abductor was one of the best-looking guy she had ever seen. Malalim ang mga mata nito na binagayan ng mahahabang pilik-mata. Para itong character sa mga Mexican telenovelas na laging pinapanood ng tiyahin niya noong nakikitira pa siya rito.

“The fact na buntis ngayon ang sekretarya nito, apat na buwan. Her second pregnancy, by the way, dahil nagtagumpay ang lalaking iyon na kumbinsihin siyang ipalaglag iyong nauna. I just learned of it yesterday dahil pinuntahan ako sa bahay ni Erlinda.” He was pissed. Nakikita iyon ni Angela, else, hindi sana ito basta-bastang nag-co-confide sa kanya. Siya na isang estranghero.

“Reliable ba naman iyang babae?”

“I’ve always had my suspicion. Pinatotohanan niya lamang iyon. And I’ve known about his other dalliances before, mga flings lang. But I don’t know, this thing with the secretary just pissed me off. I had to tell Jane.”

“At hindi siya naniwala sa ‘yo?”

“She was hurt. Hindi niya raw maintindihan kung bakit ko sinisiraan si Hubert. Things like that. At sinabi niyang naiinggit ako. I don’t understand her. I honestly don’t.”

“Oy, huwag mong sisihin ang sarili mo. Ginawa mo lang ang alam mong tama.”

Tumunog ang cellphone nito. Tumingin pa ito sa kanya bago iyon sagutin.

“Ang Tita Amalia ko,” anito.

“How could you!”

Sa lakas ng sigaw, hindi maiwasang marinig iyon ni Angela.

Ang may hawak ng cellphone ay sandaling inilayo iyon sa tainga.

Siya ang kusang lumayo.

Mula sa kanyang kinatatayuan ay pinanood

niya ang lalaking tahimik lamang habang nakikinig sa sinasabi ng kausap. Not once did he open his mouth. But his face stayed grim even when the call was finished at ibinalik nito sa bulsa ang cellphone.

“Come on, it’s safe.” Tunta pa ng boses nito nang mapansin ang pag-aalanganin niya.

Kagat-labing lumapit muli siya. “Good, you’re still alive,” tangkang biro niya.

“I was close to collapsing.” His smile was crooked.

“Ano’ng nangyari?”

“Jane called off the wedding.”

“And her mom blames you.”

“Apparently, nang sabihin ni Jane ang dahilan, they tried to convince her na magbabago rin si Hubert pag nagkapamilya na. My cousin told them that I’m the only one who truly cares and then she walked off.”

“Wow!” ang tanging nasabi niya na sinundan ng malalim na buntong-hininga.

“All my other relatives probably blame me for this too. So you see, tulad mo, ayaw ko na ring bumalik doon.”

She felt really sorry for him. “Don’t worry, in time

maiintindihan ka rin nila.”

He looked at her again and smiled. It was a beautiful smile. “Hmm... nakalimutan mo yata ang pagpoprotesta? Aren’t you supposed to be demanding na dalhin kita sa bayan?”

“Since wala naman akong appointment with the president of the country, naisip kong magpakabait. I figured, kailangan mo ng kaibigan.”

“How nice of you.” Nagniningning pa ang mga mata nito sa tahimik na pagtawa.

“And I’ve decided hindi ka masamang tao.”

“Thank you.”

“So matitiis ko ang company mo until this afternoon.”

“I plan to sail for a week.”

Napatango siya. “Okay, hanggang bukas. That’s the longest time I can spend with you.”

He took his hands off the wheel. Pinagtiklop nito ang mga braso sa dibdib at tumingin sa kanya.

“May boyfriend ka ba?”

Umiling siya. “Wala. Not that it has anything to

do with you.”

“Wala bang contact number ang mga kasambahay mo na puwede mong tawagan?”

“I don’t know what your point is, but I live alone.”

He seemed to like her answer.

“Sabi mo, wala ka namang appointment with the president, what’s stopping you to spend this whole week with me?”

“Hello? My good reputation. Lalaki ka, babae ako. Hindi tayo magkakilala. Hindi tamang magkasama tayo. Simple mathematics.”

“No one knows you are with me. No one ever needs to know.”

The idea was tempting. Very. To be able to stay out of the world for a week. In the first place, naka-leave siya ng isang linggo. Ano naman ang gagawin niya pagkauwi sa apartment? Balikan sa alaala ang mga pangyayari? Torture herself with the image of her ‘prince’ with his ‘nobody’?

Tama lang na kunin niya ang pagkakataong ito. Tulad ng sinabi ng lalaki, kailangan niyang mag-unwind.

But...

“Come on, no strings attached,” anitong nararamdaman ang pag-aalanganin niya.

“Bakit mo naman gustong may asungot dito sa yate mo?”

“The idea of spending a week alone in this yacht worrying about my relatives is rather depressing.”

“Aha! Kailangan mo ng distraction at mistula akong hulog ng langit, gan'on ba?”

He smiled boyishly. She was discovering that he's got many kind of smiles.

“I'm Angela.” Inilahad niya ang kamay.

“Yes!” tumatawang sabi ng lalaki bago inabot ang kanyang kamay. “And I'm Jason.”

“No strings attached,” paalala niya.

“Deal.”

She was a fool to believe that would be possible. Ang makasama sa pribadong yateng iyon si Jason Atega at walang mangyayaring milagro.

They were two attractive people who hit it off

after an hour of being together.

According to him, he had never met somebody who could make him laugh the way she did. At siya naman ay talagang napahanga sa pagiging down-to-earth ng lalaki kumpara kay Ramon.

No wonder, kaagad niyang nakalimutan ang dating nobyo.

On the first night, nagluto siya ng adobong manok mula sa stock ni Jason sa yate.

On the second night, he gave her a romantic dinner. There on the deck, with candlelight and soft music in the background. And they had a hamburger dahil iyon lang ang alam gawin ng lalaki.

On the third night, they didn't have dinner.

Kasalukuyan silang nagtatawanan, nasa tapat siya ng wheel at iniikot iyon habang nasa likuran niya ang lalaking nagtuturo sa kanya nang bigla ay natigil sila sa pag-uusap at binalot sila ng katahimikan.

She felt his arms around her go tense. Her breathing went shallow.

Nag-ipon siya ng lakas bago inilayo ang katawan dito. "Maghahanda ako ng pagkain," tahimik na sabi niya at hindi na naghintay ng sagot mula rito. Kaagad

na siyang lumabas ng control room.

Hinahabol pa rin ni Angela ang hininga nang marinig niya ang mga yabag ng lalaki na sumunod sa kanya. Humigpit ang pagkakakapit niya sa mesa at napapikit. She turned to look at him the moment he appeared on the doorway.

His eyes were as hungry as hers.

He took three long strides and he was in front of her. “I know I said no strings attached but—”

“Shut up,” bulong niya.

He kissed her then. And without a second thought, she kissed him back.

All her wariness and self-preservation just flew out the window. She clung to him as if never wanting to let him go.

Tumawa si Jason at maingat na inalis ang mga kamay niyang nakakapit nang mahigpit sa buhok nito. Pagkuwan ay pinangko siya nito para dalhin sa cabin nito.

No one said a word. As if their every touch said it all. Inihiga siya nito sa kama bago dumagan sa kanya at nagkatitigan sila. Mabagal na hinaplos nito ang kanyang mga pisngi pababa sa leeg niya. His simple

touch sent shivers all over her body and she arched her back.

Ang mga kamay niya ay tila may sariling isip na gumalaw. Sinubukan niyang alisin ang t-shirt ng lalaki at tinulungan siya nito. Nanginginig na dumampi ang mga kamay niya sa dibdib nito. Napasinghap ito at napatigil. Her newly discovered power brought a mischievous smile on her lips and she tried it again. This time, it was a lighter touch on his chest, on his nipples.

He groaned and tried to bend down again with the intention of kissing her lips. Pero masuyong tinulak niya ito at bumangon.

Magkaharap na silang nakaluhod sa kama, hinihintay ang susunod na mangyayari. At ang hindi mapigilang mga kamay ng dalaga ay napunta sa butones ng pantalon nito. He let her do it on her own. Napasinghap siya nang maibaba ang pantalon halfway down his legs. Natutop niya ang bibig at napatitig sa briefs nito; he was aroused!

Narinig niya ang pagtawa nito nang mahina at tinulungan siyang mahigang muli bago ito bumaba sa kama at tuluyang tinanggal ang pantalon kasunod ang briefs.

She stared at his throbbing manhood then at the ceiling. Ilang beses siyang napalunok.

He came back to bed and started unbuttoning her blouse. Halos tumigil ang paghinga ni Angela.

Nakita niya ang papalapit na mukha nito sa kanyang dibdib at napapikit ang kanyang mga mata.

His lips softly kissed her nipples. Napaungol siya at sinabunutan ang buhok nito. Wanting to push his head away, yet pulling it closer.

His tongue licked her stomach and she moaned. It travelled down to her navel while his hands removed her walking shorts. His lips never left her stomach as he pushed down her panties.

Nang maramdaman niya ang mga labi nito sa pinakamaselang bahagi ng kanyang katawan, halos mawala siya sa sarili. Napaungol siya.

Lumayo ang lalaki at napadilat ang kanyang mga mata. She was suddenly afraid he was going to leave her. But he positioned himself between her thighs.

She shamelessly parted her legs wider to give him full access.

And when he finally entered her, there was a brief moment when she wanted to push him away.

Maging ito ay nagulat sa realisasyon na iyon ang unang pagkakataon para sa dalaga... iyon ang unang pakikipagtalik niya.

“It will be okay,” bulong nito.

Tumango siya at pumikit. Ipinagpatuloy nito ang ginagawang pag-angkin sa kanya, sa pagkakataong ito ay naging napakaingat nito. Napakagat-labi siya nang maramdaman niya ang kirot ngunit panandalian lang iyon. Maya’t maya lang ay malaya nang naglalabas-masok sa kanya si Jason.

And she was moaning in ecstasy once again.

“Don’t stop. Don’t ever ever stop,” aniya.

He chuckled again but thrust deeper and harder. At ilang sandali lang ay sabay nilang narating ang langit.

Nagising si Angela ng madaling-araw at namulatan ang lalaki na tahimik siyang pinagmamasdan.

“Thank you,” bulong nito.

Pinamulahan siya ng mukha. Napatawa ito at niyakap siya.

Parang napakabilis ng sumunod na mga araw.

She dreaded the day when they get back to reality, so she savored every minute left to them. Paulit-ulit silang nagtalik na tila ba wala na silang dapat iniisip pang iba.

Sa huling gabi nila ay sinabi ng lalaki na babalik muna sila sa isla dahil iiwan nito roon ang yate.

“Are you sure it’s safe for you? Hindi kaya’t hinihintay ka pa rin ng mga kamag-anak mo at hindi ka pa rin napapatawad?” tanong ni Angela.

Tumawa ito. “My mother warned me to stay out of their sight for a month daw muna. Hindi naman posible iyon.”

“Galit din ba ang mommy mo?”

“She’s just shocked. Especially na ang unico hijo niya ang may pinakamalaking parte sa eskandalo. She’ll get over it in a day or two.”

“But why not take her advice? Dumerecho na lang tayo sa bayan at huwag ka nang bumalik sa isla.”

“Don’t worry, tumawag ang lolo ko at sinabing nakaalis na sila,” pagbibigay-alam ni Jason.

“Hmm... kampi sa iyo ang lolo mo?”

“Let’s say, he doesn’t give a damn about big

weddings, so it really doesn't affect him matuloy man ito o hindi.”

“Sounds like a cold man.”

Umiling ito. “Nope. Pero matanda na siya. And he figured we're old enough to handle our affairs. So wala siyang ginagawa ngayon kundi ang mag-relax. At mag enjoy.” He looked at her and let go of the wheel. “Just like what I'm going to do this whole night.”

One touch, at bumigay si Angela.

The island was on sight.

“Ready?” anang lalaking nakapalibot ang braso sa kanyang balikat.

“Ako pa'ng tinanong mo?” aniya.

He kissed her forehead. Napapikit ang kanyang mga mata at bumilis ang tibok ng puso niya.

It might be the last kiss.

“Kukunin ko lang ang gamit ko.” Inilayo niya ang katawan.

“Angela?”

Tumigil siya pero hindi ito nilingon.

“Marry me.”

Nanghina ang kanyang mga tuhod. Hindi niya nagawang kumilos.

Then she felt his arms around her again.

“Hey, I’m waiting,” tukso nito at iniharap siya rito.

Kung sinuman ang magsasabing kabaliwan ang ma-in love sa loob lamang ng isang linggo ay pagtatawanan niya.

Akala niya noon ay in love na siya kay Ramon, pero hinayaan pa rin niyang ligawan siya nito ng halos tatlong buwan. And when they’ve been going steady for almost a month, akala niya ay mas tumitibay ang nararamdaman nila sa paglipas ng mga araw.

But she wasn’t in love. Because what she felt for Ramon was nothing compared to what she was feeling for this man na nakasama niya lamang sa loob ng isang linggo.

One look in his eyes told her he felt the same.

Nakita niya ang uncertainty roon sa kabila ng pagngiti nito. “Yes, Mrs. Jason Atega?”

“Yes,” bulong niya.

Saka lamang ito nakahinga nang maluwag at niyakap siya nang mahigpit.

Dazed pa rin siya nang nasa pampang na sila at naglalakad patungo sa malaking bahay. Hila ng lalaki ang bagahe niya dahil ayon dito ay mananatili muna sila roon ng isang araw bago bumalik ng bayan.

Angela was still contemplating how to tell him about who she really was. Inisip niyang hindi naman siguro isang malaking bagay iyon kapag nalaman nitong ex-girlfriend siya ni Ramon, pero nahihirapan pa rin siyang simulan iyon.

Magkahawak ang kanilang mga kamay habang sila ay naglalakad. No one said a word, but she felt happy and content.

Hanggang sa nakita niya si Ramon.

Papalapit ito sa kanila. There was rage in his eyes.

Bigla siyang tumigil sa paglalakad. Kasabay ng tila pag-ikot din ng inog ng kanyang mundo.

“What’s wrong?” litong tanong ni Jason na pinaglipat-lipat ang paningin sa kanilang dalawa.

“Jason, there’s something I’ve been wanting to tell you.”

“You really did it, didn’t you?” Ramon said in a loud voice that scared Angela to the bones. Parang hindi ang kilala niyang Ramon ang ngayon ay kaharap niya.

“I never thought you are this kind of girl. You had me fooled!”

“Will somebody tell me what’s going on?” malakas ang boses na sabi ni Jason. Hindi nito gusto ang nangyayari.

“My girlfriend has decided you’re a bigger catch than I am.”

“Wala na tayo, Ramon,” she said quietly, pero hindi naglakas-loob na tumingin kay Jason nang tawagin siyang ‘girlfriend’ ng pinsan nito.

Tumawa si Ramon nang malakas. “Ah, oo nga pala. Wala na nga pala tayo. Dahil katulad ng sinabi mo, you’ve looked around, saw plenty of potentials, mas guwapo, mas mayaman, mas kapaki-pakinabang. What were your parting words? You’re going to catch yourself a bigger fish. Congratulations!” Inilapit nito ang mukha sa kanya. “You picked the right choice,” uyam nito.

Hearing her own words coming from him was so ugly. Halos mayakap niya ang sarili sa naramdamang panlalamig.

Hindi siya makapagsalita. Nagawa niyang tumingin kay Jason na hindi niya mabasa ang ekspresyon ng mukha.

Ibinuka niya ang bibig ngunit walang katagang lumabas mula roon.

“Are these all true?” usisa ni Jason.

“Not the way you’re thinking,” tugon niya.

“Are you saying I’m a liar?” ani Ramon.

“I’m saying you twisted everything.”

He laughed. “Come on! I twisted everything? Didn’t you feel great when you saw me with another woman? Remember what you said? I gave you an excuse to proceed with your plans. If anybody is twisted here, I say it is *you*.” Binalingan nito si Jason. “Don’t get fooled with that beautiful face, Cousin.” He turned and walked away, leaving Angela and Jason together.

“You lied to me,” akusa ng binata nang makalayo na si Ramon.

“I swear, plano kong sabihin sa iyo kanina bago tayo bumaba ng yate pero na-distract ako.”

“Don’t lie some more.” There was a warning in his voice.

Alam ni Angela, anuman ang sabihin niya ngayon ay hindi na ito makikinig. She was too late.

“You can wait here.” Binitawan ni Jason ang bagahe niyang kanina pa nito hawak. “Magpapadala ako ng maghahatid sa iyo.” He turned to go.

“Jason, please...”

Lumingon ito. “Oo nga pala, inaya kitang pakasal.” Ngumiti ito subalit hindi iyon umabot sa mga mata nito. And in a cold voice, he said, “Forget it. I was only joking.”